Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-102-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Ang paksain ay pansamantalang ipinagpaliban ang pagtitibay, pansamantala ay iniliwat ang paksa sa Lupong Pambatas upang mapag-aralan.

****

35

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXV-'91
(Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ~~ni~~ Kag. Lazaga)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay sa paglalaan ng halagang LABING LIMANG LIBONG PISO (₱15,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa pagpapasukat (re-survey) ng hangya sa Barangay Caingin, patay na kalsada sa Barangay Pulong Santa Cruz at Hangya (alley) sa Barangay Dila.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 401-'91
PROVINCIAL BOARD
Agosto 7, 1991

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

****

Sa puntong ito ay inihain ni Kag. Puzon ang kanyang mungkahing magkaroon ang pamahalaang bayan ng programang magbibigay gantimpala sa mga kawaning magiging huwaran. Matapos ang maikling pagtatalakayan ay pinagpasiyahan ng kapulungan na ang pagpili ng Huwarang Kawani ay gawin tuwing tatluhang buwan sa pamamagitan ng mga pamantayang babanghayin ng Lupong bubuuin nina Kag. Puzon, Kag. Perez, Kag. Tiongco, Pinunong Pantauhan at ng Punong-bayan bilang tagapangulo. Pinagpasiyahan din na magsulit ang mga Kagawad ng mga nararapat na pamantayan upang magamit sa programa.

****

Hinggil naman sa kahilingan ng mga may-ari ng pedicab ay pinagpasiyahan ng kapulungan na magbigay kapasiyahan sa sandaling matanggap ang opinyon ng Land Transportation Commission hinggil sa pangangasiwa ng pedicab.

****

Muling inihain ng pormal ang liham ni Gng. Alibudbud na nag-aalok ng lupang may-sukat na 1,500 sa pamahalaang bayan kasama ng gayong alok din ni Gng. Manabat, na may-ari ng lupain. Matapos ang maikling pagtatalakayn ay

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

RUFINO P. APANGCO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad